# Nagbibigay ang Long Beach ng Mga Updeyt sa Mga Naapektuhang Oparasyon bilang tugon sa Insidente sa Seguridad ng Network

Long Beach, CA – Ang Lungsod ng Long Beach ay nakatuon sa paglilingkod sa publiko habang marami sa mga sistema at pangunahing website nito ay nananatiling oplayn para sa mga layunin ng pagpapapagaan kasunod ng isang insidente sa seguridad ng network. Ang mga departamento ay nagbibigay ng ma upedeyt sa komunidad, mga kostumer, at mga kasosyo sa pamamagitan ng telepono, email at sa pamamagitan g sosyal midya upang panatilihing alam nila ang mga pansamantalang pagbabago sa pagpapatakbo. Habang nagbabago ang sitwasyon, ang Departamento ng Teknolohiya at Inobasyon ay tumutukoy ng mga solusyon sa pakikipagtulungan sa iba pang mga departamento ng Lungsod upang ipagpapatuloy ang mga serbisyo ng Lungsod habang ang ilang mga sistema ay oplayn.

Ang impormasyon sa ibaba ay simula sa Nob. 22 sa alas 8 n.u. Karamihan sa mga pangunahing serbisyo ng Lungsod ay hindi naaapektuhan ng insidente ng seguridad sa network at patuloy na mag-oopereyt gaya ng dati. Kasama sa mga serbisyong iyon ang:

- Pampublikong Pangkaligtasan at mga Serbisyong Pang-Emerhensiya kabilang ang mga Departamento ng Bumbero at Pulisya at Sentro ng Komunikasyon sa Emerhensiya.
- Paliparan ng Long Beach
- **UPDEYTED:** Pagwawalis/Paglilinis ng Kalye; Ang mga iskedyul ay tumatakbo pa rin ng normal, at ang mga pagsipi/pagbabayad ng sitasyon sa paradahan ay patuloy pa din. Tandaan na walang pagwawalis/paglilinis sa kalye o pagpapatupad ng pagtiket sa paradahan sa Huwebes, Nob. 23 o Biyernes, Nob 24.
- Pagkolekta ng repyus o risaykling.
- Pangangasiwa ng bakuna laban sa trangkaso o COVID-19.
- Ang Gas Dispatch at Sentro ng mga Dispatch sa Tubig ay mananaitling bukas 24/7 oras. Maaaring mag-ulat ang mga tao ng gas leak sa 562.570.2140. Upang mag-ulat ng pagtagas ng tubig, maaaring tumawag ang mga tao sa 562.570.2390.

**UPDEYTED:** Maaaring magbayad ang mga tao ng **pagsipi/sitasyon sa paradahan** sa (onlayn) online, ng personal sa lobby ng Munisipyo (cash, tseke o money order lamang) o sa telepono lamang sa pamamagitan ng pagtawag sa 562.570.6822. Hinihikayat ang mga tao na magbayad ng mga pagsipi/sitasyon sa oras upang maiwasan ang anumang karagdagang multa.

Nasuspinde ang mga bayarin ng **Utiliti** at pagsara para sa hindi nagbabayad o para sa mga huling nagbabayad. Ang mga kostumer ay hindi pa rin makakapagbayad onlayn, sa telepono, o sa anumang naunang itinatag na mga lokasyon sa opsayt na mga

lugar.  Magpapatuloy ang lahat ng dati nang naka-iskedyul na operasyon ng serbisyo sa kostumer ngunit maaaring may pagka-antala.

**UPDEYTED:** Nananatiling bukas ang mga lokasyon ng mga **silid-aklatan,** maaaaring mag-tsek-out at mag-tsek-in ng mga aklat ang mga tao.  Kasalukuyang hindi abeylabol ang mga digital na amenitis, tulad ng mga e-book, pampublikong kompyuter at printer, at mga paghahanap sa katalogo.

**UPDEYTED:** Ang onlayn na pagpapa-rehistro para sa mga klase sa **Parks, Recreation at Marine** ay abeylabol sa pamamagitan ng LB Rec Connect, kung saan maaaring magbayad ang mga nagpapa-rehistro sa pamamagitan ng kredit kard.  Ang mga taong nag-eenrol para sa mga klase nang personal sa mga administratibong tanggapan ng departamento (2760 N. Studebaker Rd.) ay makakapagbayad sa pamamagitan ng kredit kard o gift kard .  Ang mga pagapapareserba sa pasilidad ay kailangang pangasiwaan nang personal.

**UPDEYTED:** Ang **mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Hayop** ng Long Beach ay patuloy na nag-aalok ng mga pag-aampon at lisensya ng alaganag hayop.  Ang mga tao ay hindi maaaring tumingin ng mga nawawala o ina-ampon na mga hayop onlayn at hinihikayat na bisitahin ang  mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Hayop nang personal upang tingnan ang mga hayop.

**UPDEYTED:** Patuloy na ikinokonekta ng **Departamento ng Kalusugan at mga Serbisyong Pangtao** ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa mga serbisyo at mga tirahan sa pamamagitan ng Multi-Service Center at Mobile Access Centers, at ang linya ng REACH ay tumatawag pa rin sa mga normal na oras ng negosyo. Patuloy pa din ang outreach sa mga walang tirahan. Ang Linya ng mga Mapagkukunan ng Tulong ay maaaring onlayn at tumatanggap ng mga live na tawag. Nagagawa ng Kalusugan ng Pang-kapaligiran na ipagpatuloy ang mga operasyon, ngunit ang paglutas sa isyu ng sistema ay nagdudulot ng mga pagkaantala. Maaaring hindi abeylabol ang ilang talaan na may kaugnayan sa mga bayarin sa permit at iba pang impormasyon ng account. Nagpapatuloy ang mga programang klinikal na nakakahawang sakit at nagpapatuloy ang pagpapatala sa Medi-Cal, WIC, at iba pang mga serbisyong panlipunan.

**UPDEYTED:** Ang Klinika ng pagsusuri at pagbabakuna sa COVID-19 na pinapatakbo ng lungsod sa Marin Luther King Jr. Park ay patuloy na magbibigay ng mabilis na pagsusuri lamang hanggang sa maibalik ang sistema. Abeylabol din ang mga bakuna para sa paglalakbay sa Klinika ng Pagbabakuna sa 2525 Grand Ave.

Ang Go Long Beach na mobil na app ay gumagana din, ngunit maaaring asahan ng publiko ang isang bahagyang pagka-antala sa pagtupad ng serbisyo at ang mga pag-apruba sa aplikasyon ng permiso ng **Public Works** at maliit na pagka-antala.

Maaaring bumisita ang mga tao sa sa Sentro ng Pagkuha ng Permit sa Munisipyo sa **Departamento ng Pagpapaunlad ng Komunidad** sa (411 W. Ocean Blvd.) para sa

mga serbisyo sa pag-papasa ng permiso at lisesya, ngunit ang lahat ng onlayn na sistema para sa permiso at lisensya ay kasalukuyang hindi abeylabol. Depende sa laki at uri ng transaksyon, ang mga kostumer ng Sentro ng Permiso ay maaaring makapagbayad sa pamamagitan ng cash, tseke o kredit kard gamit ang isang ikatlong-partido na probayder na serbisyo. Sa ilang pagkakataon, maaaring may opsyon na ipagpaliban ang pagbabayad sa ibang pagkakataon.

Ang mga dating naka-iskedyul na inspeksyon ay ginagalang at ang mga bagong inspeksyon ay pinangangasiwaan sa pamamagitan ng kahilingan sa telepono sa 562.570.LBCD (5223). Habang pinapanatili ng departamento ang pagpapahintulot ng mga opersayon para sa mga nangangailangan ng agarang tulong, maaaring maranasan ang ilang pagka-antala sa panahong ito. Para sa lahat ng pinahihintulutang pangangailangan na maaaring maghintay hanggang matapos ang Kapistahan ng Pasasalamat, hinihikayat ang mga kostumer na isa-alang-alang ang paghihintay hanggang Nob. 27 upang isumite ang bagong kahilingan.

**UPDEYTED:** Hinihikayat ng **Departamento ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya** ang mga tao na makipag-ugnayan na maki-pag-ugnayan sa kanilang grupo ng BizCare sa 562.570.4BIZ o 4biz@longbeach.gov para sa tulong habang oplayn ang website.

**UPDEYTED:** Ang website para sa **Taga-usig ng Lungsod**, ay nananatiling onlyan at naa-akses sa www.CityProsecutorDougHaubert.com.

Bagama't walang anumang malalaking pagkagambala sa serbisyo sa puntong ito sa maraming serbisyong ibinibigay ng Lungsod, habang ang Lungsod ay nagsisikap na lutasin ang insidenteng ito sa ilang mga kaso ang publiko ay maaaring makaranas ng ilang pagka-antala sa mga sistema at serbisyong hindi pang-emerhensiya, at pinahahalagahan ng Lungsod ang pasensya at pang-unawa ng publiko.

Noong Nob. 14, (nalaman) learned ng Lungsod ng Long Beach na napapailalim ito sa isang potensyal na insidente sa cybersecurity. Ang Kagawaran ng Teknolohiya at Inobasyon ng Lungsod ay agad na nagpasimula ng pagsisiyasat at inabisuhan ang Pederal na Kagawaran ng Imbestigasyon (FBI). Dagdag pa, nakipag-ugnayan ang Lungsod ng mga ikatlong-partidong propesyonal sa cybersecuriy upang tumulong sa remidiyasyon at imbestigasyon ng insidenteng ito.

Nakatuon ang Lungsod na panatilihing may kaalaman ang publiko sa anumang mga bagong pag-unlad at potensyal na epekto sa mga serbisyong pampubliko at sa komunidad. Ang anumang nauugnay na mga updeyt ay ibibigay habang nagpapatuloy ang pagsisiyasat, Ang impormasyon ay makukuha sa pansamantalang site ng Lungsod sa www.longbeach.gov. Ang webpage ay nagbibigay ng napapanahong, malinaw na impormasyon tungkol sa insidenteng ito at nagsisilbing sentro ng impormasyon. Maaari ding tumawag ang ma tao sa 562.570.INFO (4636) mula alas 8 n.u. hanggang alas 5 n.h. sa mga karaniwang araw, hindi kasama ang mga pista ng opisyal ng Lungsod, para sa napapanahong impormasyon.

Hinihikayat din ang mga miyembro ng komunidad na sundan ang mga sosyal midya na mga pahina ng Lungsod sa  Facebook, X at Instagram na mayroong hashtag na #LBAlert para sa mga updeyt.

Ang mga katanungan sa midya ay maaaring idirekta sa Kagawaran ng Pinagsamang Sentro ng Impormasyon ng Lungsod sa JIC@longbeach.gov o 562.570.NEWS.

# # #